**IKALAWANG PAMANAHUNANG PAGSUSULIT**

**MOTHER TONGUE 2**

NAME________________________________________ ISKOR ____________

I. Basahin ang mga pangungusap. Piliin at bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ilang pantig mayroon ang salitang pakikipagsapalaran?
   A. limang pantig C. pitong pantig
   B. anim na pantig D. walong pantig
2. Alin sa mga sumusunod na salita ang may wastong pagpapantig?
   A. pag – ma – ma – la – sa – kit C. pag – mam – a – las – a – kit
   B. pa – g – ma – mal – a – sak – it D. pa – g – ma – ma – la –sak – it

3. Ano ang sinasabi ng bata tungkol sa kanyang hawak?
   A. Ito ay mga lobo . C. Iyan ay mga lobo.
   B. Iyon ay mga lobo D. Doon ay mga lobo

4. Maganda ang bag na hawak ko. _______ ay sa binili sa akin ng ninang.ko.
   A . Ito B . Iyon C.iyan D . Dito

5. Binili ni Luisa ang lapis na napulot mo. Kaya isauli mo iyan sa _____________.
   A. akin B. iyo C. kanya D. kanila

6. Sabi ni Ana ay gusto mo ang bola kong pula, sige ibibigay ko na lang sa _________ dahil dalawa naman ang bola ko.
   A. akin B. iyo C. kanya D. kanila

7. Wala ang nanay at tatay ni Bimbi, kaya't mababakas ang panglaw sa kanyang mukha. Ano ang kahulugan ng salitang panglaw?
   A. takot B. lungkot C. saya D. taka

8. Ang dalawang salita ay magkasingkahulugan kapagpareho ang kanilang ipinahihiwatig. Alin ang pares ng mga salita na magkasingkahulugan?
   A. magulo- tahimik C. malulusog–masasakitin
   B. polusyon - sariwa D. malawak-maluwang

9. Ang pagmamalasakit sa isa't-isa ay simula ng ___________.
   A. pagkakaibigan B. pag-aaway C. pagkakalayo D. pagtatalo

10. Ang mga mag-aaral ay aktibong lumalahok sa kanilang **<u>talakayan</u>** sa klase. Ano ang kahulugan ng salitang may salungguhit?
   A. Pagsusulit B. proyekto C. palaro D.aralin

Basahin at unawain ang kuwento, pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong Piliin ang letra ng tamang sagot Si Rosa at si Rosal

Sina Rosa at Rosal ay kambal. Kapwa sila maganda ngunit magkaiba ang kanilang ugali.

Si Rosal ay maawain samantalang si Rosa ay mapagmataas. Isang araw, sa labas ng kanilang bahay ay may matandang pulubi at humingi sa kanila ng tubig. Halos hindi siya makahinga dahil sa init at uhaw. Itinaboy ni Rosa ang matanda ngunit pinigilan ni Rosal at siya ay . kumuha ng tubig. Habang wala pa si Rosal, pinagtulakan ni Rosa ang matanda. Bathala pala ang matanda at sinubukan lang ang ugali ng magkapatid Ginawa niyang maputi mabangong bulaklak si Rosal at si Rosa naman ay ginawa niyang mabango rin at may kulay ngunit binigyan ng mga tinik sa sanga.

11. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
   A. Rosa at Rose
   B. Rosa at Rosal
   C. Rosa, Rosal, matanda, Bathala
   D. Bathala, Rosa

12. Saan naganap ang kuwento?
   A. sa harap ng paaralan
   B. sa loob ng bahay
   C. sa labas ng bahay
   D. sa parke

13. Sino sa dalawa ang nagbigay ng tubig sa matanda?
   A. Rosa B. Bathala C. pulubi D. Rosal

14. Paano pinarusahan ni Bathala si Rosa?
   A. Ginawa siyang bundok.
   B. Pinagtabuyan siya.
   C. Nilagyan siya ng tinik at kinulayan.
   D. Ikinulong siya sa hawla.

15. Ano kaya ang maaaring mangyari sa dalawang bulaklak?
   A. Mas magugustuhan ng tao si Rosal.
   B. Mas magugustuhan ng tao si Rosa.
   C. Magagalit si Rosal kay Bathala.
   D. Lalayas si Rosa.

16. Ano ang ugaling ipinamalas ni Rosa?
   A. masipag B. maawain C.mapagmataas D, maaasahan

17. Ano naman ang pag-uugali ni Rosal?
   A. masipag B. maawain C.mapagmataas D, masungit

18. Ano ang wastong pagkakasunod – sunod ng mga pangyayari sa kuwento?

1. Paglapit at paghingi ng tubig ng matandang pulubi sa dalawang bata.
2. Pagpaparusa ni Bathala kay Rosa na naging mabango at may kulay ngunit may mga tinik sa sanga at si Rosal naman ay ginawa niyang maputi at mabangong bulaklak.
3. Pagtaboy ni Rosa sa matanda ngunit pinigilan ni Rosa at siya ang kumuha ng tubig.
4. Pagpapakilala sa kambal na sina Rosa at Rosal.

A 4-2-1-3 B. 4-1-3-2 C. 1-2-3-4 D. 1-4-3-2

19. “Isulat ang iyong pangalan sa itaas ng papel.” Ang mga pangungusap ay nagsasabi ng dapat gawin o sundin ng taong kausap. Ito ay tinatawag na pangungusap na____________

A. pananong B. pautos C. pasalaysay D. patanong

20. Alin sa sumusunod ang pangungusap na padamdam

A. Sumasakit ang ngipin niya.
B. Sino ang sumasakit ang ngipin
C. Aray ang sakit ng ngipin ko
D. Pabunot mo na ang ngipin mo

21. Ang ulap ay maitim, tanda na oolan. Alin ang maling baybay?

A. .ulap B. maitim C. tanda D. oolan

22. Basahin ang mga salita at piliin ang may wastong baybay.

A.kargador b. kargadur c. karagador d. kargadoor

23. Anong bantas ang ginagamit sa pangungusap na ito: Saan kayo pumunta__

A. tuldok B. kuwit C.tandang padamdam D. tandang pananong

24. Alin sa sumusunod na pangungusap ang dapat lagyan ng bantas na tuldok.

A. Malinis an gating paligid
B. Sino ang bumasag ng plato na ito
C. Naku ang laki ng ahas
D. Paano ka nakarating sa Amerika

25. Alin sa sumusunod na pangungusap ang may wastong bantas/.

A. Ang ulan na anyong ulap ay may bigat na 100 elepante**?**
B. Ang ulan ay nanggagaling sa iba’t ibang anyo ng tubig**.**
C. Ang tubig na naging gas ay nagiging ulap sa langit**,**
D. Ang ulap ay **droplets** o pinong-pinong patak ng tubig**!**

26 Alin ang pangkat ng mga matatapang na bayani ng ating bansa?

A. Corazon Aquino
Joseph Estrada
Gloria Arroyo

B. Jose Rizal
Andres Bonifacio
Juan Luna

C. Lea Salonga
Sarah Geronimo
Regine Velasquez

D. Noli de Castro
Korina Sanchez
Ted Failon

27. Si Coco Martin ang gumaganap na Kardo sa “Ang probinsiyano”. Alin ang salitang kilos?

A. Ang Probinsiyano B. Coco Martin C. gumaganap D. Kardo

28. Ang mayamang mamamayan ng Lungsod ng Cabanatuan ay nagbigay ng krus sa simbahan.

Alin sa sumusunod ang kambal katinig?

A. mamamayan B. nagbigay C. simbahan D. Krus

29. Alin sa mga salita ang may kambal-katinig?

A. plorera B.anahaw C.kapit-tuko D. tulay

30. Ayusin ang mga salita ayon sa pagkakasunodsund ng alpabetong Filipino

1. mansanas
2. ubas
3. kahel
4, guyabano
5. bayabas
6. dalanghita
7.pakwan

A. 1-2-3-4-5-6-7
B. 7-6-5-4-3-2-1
C. 5-6-4-3-1-7-2
D. 2-7-1-3-4-6-5